Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 81

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 414
## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA BAWAT MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG MAYNILA NA MAGTANIM NG GULAY, PRUTAS, BULAKLAK O HALAMAN ("URBAN FARMING AND GARDENING") SA KANILANG MGA TAHANAN O BAKURAN NA MALAKI ANG MAITUTULONG SA PANG ARAW-ARAW NA PANGANGAILANGAN GAYA NG SEGURIDAD SA PAGKAIN, MALINIS NA HANGIN, KALUSUGAN AT KABUHAYAN

PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.**
MGA KASAMANG MAY AKDA: Kgg. Benny Fog T. Abante III, Kgg. Irma C. Alfonso-Juson, Kgg. Arlene Maile I. Atienza, Kgg. Krystle Marie C. Bacani, Kgg. Don Juan "DJ" Bagatsing, Kgg. Laris T. Borromeo, Kgg. Carlos C. Castañeda, Kgg. Niño M. Dela Cruz, Kgg. Roberto S. Espiritu II, Kgg. Jesus E. Fajardo, Jr., Kgg. Pamela "Fa" G. Fugoso-Pascual, Kgg. Jaybee S. Hizon, Kgg. Martin V. Isidro, Jr., Kgg. Rodolfo N. Lacsamana, Kgg. Salvador Philip H. Lacuna, Kgg. Moises T. Lim, Kgg. Numero G. Lim, Kgg. Erick Ian O. Nieva, Kgg. Charry R. Ortega, Kgg. Elmer M. Par, Kgg. Science A. Reyes, Kgg. Darwin B. Sia, Kgg. Luis C. Uy, Kgg. Luciano M. Veloso, Kgg. Raymundo R. Yupangco, Kgg. Leilani Marie H. Lacuna, **KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA**, Pansamantalang Punong Mayorya at **KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR**, Pansamantalang Tagapangulo

SAPAGKAT, sa hirap ng buhay ngayon at taas ng presyo ng mga bilihin, ang ating mga kababayan ay naghahanap ng iba't ibang pamamaraan na makatutugon sa pang araw-araw na pangangailangan sa pagkain at pagkakakitaan;

SAPAGKAT, ang pagtatanim ng gulay, prutas, bulaklak at halaman sa mga bakuran at bakanteng lote sa ating mga kabahayan ay makakatulong sa bawat pamilya hindi lamang bilang isang alternatibong pagkukuhaan ng pagkain ("food security"), ito rin ay maaaring pagmulan ng pagkakakitaan ("livelihood");

SAPAGKAT, ang pagtatanim ng gulay, prutas, bulaklak at halaman ay nakakatulong din sa pagbalanse ng ating kapaligiran at kalikasan;

SAPAGKAT, ang iba't ibang pamamaraan at kaalaman sa "Urban Farming at Gardening" ay madali ng makukuha, magagamit at madali ng matututunan, at ilan sa ating mga barangay ay nakapagsimula na ng ganitong pamamaraan: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa bawat mamamayan ng Lungsod ng Maynila na magtanim ng gulay, prutas, bulaklak o halaman ("Urban Farming and Gardening") sa kanilang mga tahanan o bakuran na malaki ang maitutulong sa pang araw-araw na pangangailangan gaya ng seguridad sa pagkain, malinis na hangin, kalusugan at kabuhayan; at mangyari na MULING

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa tanggapan ng Punong Lungsod, Kagalanggalang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, tanggapan ng mga barangay at lahat ng pampubliko o pribadong paaralan sa Lungsod ng Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**TERRENCE F. ALIBARBAR**
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong ika – 12 ng Setyembre, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rnd/kjm/agv/egv/eys